Mensahe Apat

## Nakikilala si Kristo at ang Kapangyarihan ng Kanyang Pagkabuhay na muli

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 3:10, 12-14; Juan 11:25; Gawa 2:24; 2 Cor. 1:8-9; Apoc. 1:17b-18; 2:8

**I. Hinangad ni Pablo na makilala si Kristo—Fil. 3:10:**

A. Sa aklat ng Filipos, ang sentrong bagay ay ang subhektibong pagkilala at pagdaranas kay Kristo—2:2, 5; 3:7-10; 4:10, 13.

B. Ang taglayin ang dakilang pagkakilala kay Kristo sa Filipos 3:8 ay sa pamamagitan ng pahayag, subalit ang makilala Siya sa bersikulo 10 ay sa pamamagitan ng karanasan.

C. Ang kahigtan ng pagkakilala kay Kristo ay ang kahigtan ni Kristong natanto natin—b. 8.

D. Unang natanggap ni Pablo ang pahayag ni Kristo, pagkatapos ay hinanap ang karanasan kay Kristo—upang makilala at matamasa si Kristo sa isang makaranasang paraan.

E. Ang salitang *makilala* sa Filipos 3:10 ay katumbas ng *maranasan:*

1. Ang makilala si Kristo ay nangangahulugang maranasan Siya, matamasa Siya, upang makilahok sa Kanya, at makibahagi sa Kanya—bb. 9-10.
2. Ang makilala si Kristo sa gayon ay ang maarok Siya sa pamamagitan ng pagdaranas sa Kanya—b. 8.

F. Ang makilala si Kristo ay hindi lamang ang magtaglay ng kaalaman hinggil sa Kanya bagkus ang matamo rin ang Kanyang mismong persona—b. 8; 2 Cor. 2:10; cf. Col. 2:9, 16-17:

1. Ang matamo ang isang bagay ay humihiling ng pagbabayad ng isang halaga—Fil. 3:7-8.
2. Ang tamuhin si Kristo ay ang maranasan, matamasa, at angkinin ang Kanyang mga di-malirip na kayamanan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang halaga—Efe. 3:8; cf. Apoc. 3:18.
3. Ang buhay Kristiyano ay isang buhay ng pagtatamo kay Kristo sa Kanyang pagiging nagpapaloob ng lahat—Efe. 3:8:
   a. Bagamat lubhang naranasan at natamo na ni Pablo si Kristo, hindi niya tinuring na naranasan na niya si Kristo nang lubusan o natamo Siya nang sukdulan—Fil. 3:12.
   b. Si Pablo ay sumusulong pa rin tungo sa gol—ang pagtatamo kay Kristo sa sukdulan—bb. 12-14.
4. Upang matamo si Kristo sa sukdulan, hindi lamang tinalikdan ni Pablo ang kanyang karanasan sa Hudaismo bagkus hindi rin siya namalagi sa kanyang mga nakaraang karanasan kay Kristo—bb. 7-8, 13:
   a. Ang hindi lumimot bagkus mamalagi sa ating mga nakalipas na karanasan, gaano man katunay ang mga iyon, ang humahadalang sa ating higit na paghahabol kay Kristo—b. 13; Heb. 6:1a.
   b. Sapagkat si Kristo ay di-malirip na mayaman, at mayroong isang malawak na teritoryo ng Kanyang mga kayamanan upang angkinin, si Pablo ay sumusulong upang maabot ang pinakamalayong hangganan ng teritoryong ito—Efe. 3:8; Fil. 3:13.

G. Ang makilala si Kristo ay resulta ng pagiging nasumpungan sa Kanya—bb. 9-10:

1. Ang kutuwirang "sa pamamgitan ng pananampalataya ni Kristo, ang katuwirang mula sa Diyos at batay sa pananampalataya," ang nagsanhi kay Pablo na makilala si Kristo—b. 9.
2. Ang katuwirang ating isinasagawa sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap ay hindi magsasanhi sa atin na makilala si Kristo; lalo tayong gumagawa sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap, lalo nating hindi makikilala si Kristo—b. 9a.

**II. Hinangad ni Pablong makilala at maranasan ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo—b. 10:**

A. Ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo ay ang Kanyang buhay ng pagkabuhay na muli, na nagbangon sa Kanya mula sa mga patay—Efe. 1:19-20.

B. Si Kristo mismo ang pagkabuhay na muli—Juan 11:25:
   1. "Ako ang Una at ang Huli at ang Isang nabubuhay, at Ako ay namatay, at narito, Ako ay nabubuhay magpakailanman; at taglay Ko ang mga susi ng kamatayan at ng Hades"—Apoc. 1:17b-18:
      a. Dahil sa pagkatisod pumasok ang kamatayan at ngayon ay gumagawa upang tipunin ang bawa't isa tungo sa Hades.
      b. Ang mga susi ng kamatayan at Hades ay nasa kamay ng ating Tagapagligtas, na namatay at nabuhay na muli—b. 18.
   2. "Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Una at ng Huli, na namatay at muling nabuhay"—2:8:
      a. *Muling nabuhay* ay tumutukoy sa pagkabuhay na muli.
      b. Ang Panginoon ay nagdusa ng kamatayan at nabuhay na muli; pumasok Siya sa kamatayan, subalit hindi Siya napigilan ng kamatayan sapagkat Siya ang pagkabuhay na muli—Gawa 2:24; Juan 11:25.
      c. Si Kristo ay nagtungo sa Hades, dumaan sa kamatayan, dinaig ang kamatayan, at matagumpay na lumabas mula sa kamatayan; ito ang pagkabuhay na muli—cf. 1 Ped. 3:18-22.
   3. Ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugan na ang isang tao—ang ating Panginoong Hesus—ay lumampas sa mga hadlang, maging ang pinakamalaking hadlang sa lahat—ang kamatayan—Gawa 2:24; Efe. 1:19-20:
      a. Ang pagkabuhay na muli ng Panginoon ang bumuwag sa lahat ng mga hadlang ng natural na kinasasaklawan; kaya, si Hesus ay hindi na natatalian ng anumang bagay, kasama ang lugar at panahon—cf. Juan 7:6-8.
      b. Ang ating pinakamalaking limitasyon ay ang lugar at panahon, subalit ang dalawang bagay na ito ay hindi makakalimita sa nabuhay na muling Kristo.
      c. Ang kamatayan ang pinakamalaking limitasyon, subalit dinaig ng pagkabuhay na muli ang kamatayan; samakatuwid, ang pagkabuhay na muli ang pinakadakilang kapangyarihan sa lahat—Fil. 3:10; Efe. 1:19-20.

C. Ang pagkabuhay na muli ay ang buhay na dumadaig sa kamatayan na hindi napipinsala o nasasaktan ng kamatayan—Juan 11:25; Apoc. 1:17b-18; 2:8:
   1. Ang kamatayan ay walang kapangyarihang gumawa ng anuman sa pagkabuhay na muli—Gawa 2:24.
   2. Ang kamatayan ay makapagsasanhi ng lahat ng uri ng pinsala sa ibang anyo ng buhay; tanging isang uri ng buhay ang hindi masasakatan ng kamatayan, at ito ay ang pagkabuhay na muling buhay—Juan 11:25; Fil. 3:10:
      a. Ang pagkauhay na muli ay ang buhay na lumalampas sa kamatayan at hindi mapipigilan nito.
      b. Ayon sa lubos na pahayag ng mga Kasulatan, ang Diyos mismo ay ang pagkabuhay ng muling buhay—Roma 4:17.

D. Ang Espiritu ay ang realidad ng pagkabuhay na muli ni Kristo at ang kapangyarihan nito—8:9-11; 1 Cor. 15:45b; 1 Juan 5:6:
   1. Upang maranasan ang pagkabuhay ng muling buhay ni Kristo, kailangan nating makita na sa pagkabuhay na muli si Kristo ay naging ang Espiritung nagbibigay buhay—1 Cor. 15:45b.
   2. Ang pinakamataas na kahulugan ng pagkabuhay na muli ay yaong ito ay ang proseso kung saan si Kristo, ang huling Adam, ay naging ang Espiritung nagbibigay buhay.
   3. Ang pagkabuhay na muli ni Kristo ay ang Kanyang pagbabagong-anyo tungo sa Espiritung nagbibigay buhay upang pumasok sa Kanyang mga mananampalataya—b. 45b; Juan 20:22.

E. Ang prinsipyo ng pagkabuhay na muli ay yaong ang natural na buhay ay pinapatay at ang dibinong buhay ay bumabangon kapalit nito—2 Cor. 1:8-9:
   1. Yaong dumadaan sa kamatayan at nananatili pa rin ay ang pagkabuhay na muli—Apoc. 2:8.

2. Ang pagkabuhay na muli ay isang bagay na lumalabas mula sa kamatayan at lampas sa natural na kinasasaklawan—Gawa 2:24.
3. Ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugang walang kaganapan o sirkumstansya ang makapagsasanhi sa atin, na nagtataglay na pagkabuhay na muling buhay ni Kristo, upang mapigilan—2 Cor. 1:8-9.
4. Ang mapasa pagkabuhay na muli ay nangangahulugan na ang ating natural na buhay ay napako at ang bahaging nilikha ng Diyos ng ating katauhan ay pinataas sa pagkabuhay na muli upang maging kaisa ni Kristo sa pagkabuhay na muli—Roma 6:4-6.
5. Kapag hindi tayo nabubuhay sa pamamagitan ng ating natural na buhay bagkus sa pamamagitan ng dibinong buhay sa loob natin, tayo ay nasa pagkabuhay na muli—Juan 6:57; Roma 8:11.

*© 2023 Living Stream Ministry*